KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-155

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PUNONGBAYAN MGGL. IGNACIO R. BUNYE, NA PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN SA MGA TAONG MAY KAALAMANG-TEKNIKO NA SUSURI SA KAANGKUPAN NG PAGTATATAG NG "WATER WORKS SYSTEM" SA BAYAN NG MUNTINLUPA.

*************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Pang. Punongbayan Jaime R. Fresnedi
at mga Kagawad ng Sangguniang Bayan

*************************************************************

SAPAGKAT, isa sa mga pangunahing suliranin na dinaranas ng mga mamamayan ng Bayan ng Muntinlupa ay ang kasalatan sa tubig na ginagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang serbisyo sa tubig na ipinagkaloob ng MWSS ay hindi lubos na tumutugon sa pangangailangan ng ating mamamayan;

SAPAGKAT, malaki na ang ginugugol ng Pamahalaang Bayan sa pagkakaloob ng poso artisyano sa mga mamamayan nito upang lunasan ang suliraning nabanggit, ngunit ang minimithing sapat at malinis na tubig ay nagmimistulang pangarap na lamang;

SAPAGKAT, ang pagtatag ng sariling "water works system" ay isang panukala na maaaring maging katugunan sa kakulangan sa tubig na dinadaing ng mamamayan ng Muntinlupa na pinapatunayan ng kalakip na petisyon mula sa ating mga mamamayan, at minamarkahan bilang lakip "A";

SAPAGKAT, upang hindi masayang ang mahalagang sandali at pondo mula sa kabang-yaman ng Pamahalaang Bayan, ang panukalang pagtatatag ng "water works system" ay nangangailangan ng masusing pag-aaral ng mga taong may kaalamang-tekniko;

SAPAGKAT, tungkulin ng bawat Pamahalaang Lokal na gamitin ang kapangyarihan malinaw na ipinagkaloob, iyong ipinahihiwatig dito at mga kapangyarihang kinakailangan, akma o kaugnay sa mahusay at mabisang pamamalakad, at iyong lubhang kailangan sa pagtataguyod ng kaginhawahan, kabutihan at pangkalahatang kagalingan ng mga mamamayan; at ibang kapangyarihan na kinakailangan, ugma o kaugnay sa mabisa at mahusay na pagkakaloob ng pangunahing paglilingkuran at pasilidad, at bilang karagdagan sa nabanggit na paglilingkuran at pasilidad, ito ay nangangailangan

REPUBLIKA ?ILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



magkaloob ng serbisyo para sa pagpapatayo, pamamalakad, pagmementena at pagkukumpuni ng nasabing "water works system" na tutustos sa pangangailangan sa tubig ng mga mamamayan (Sec. 16 & 17 Local Government Code; Sek. 446 (vii) implementing rules and regulations);

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay buong pagkakaisang pinagtibay ang kapasiyahang bayan na nagbibigay kapangyarihan sa Punongbayan Mggl. Ignacio R. Bunye, na pumasok sa isang kasunduan sa mga taong may kaalamang-tekniko na susuri sa kaangkupan ng pagtatatag ng "water works system" sa Bayan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-93rd na regular na pulong na ginanap ngayong ika-18 ng Hulyo, 1994.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

(Absent)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pamabayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan